

TAON XXXII Blg. 11 Nobyembre 2002

Biguin ang balak na panumbalikin ang tuwirang pagha-haring militar sa bansa!

uluy-tuloy ang rehimeng
Macapagal-Arroyo sa
pagpapasaklaw at
pagpapaigting ng
pasistang paninikil sa mga demokratikong
karapatan. Pinag-iibayo ang
militarisasyon kapwa sa kanayunan at kalunsuran. Walang
tigil ang panunulsol sa anti-teroristang takot at kaguluhan. Ang paghaharing
burukratiko-militar ni Macapagal-Arroyo ay
mabilis na tumutungo sa pagpapanumbalik ng
tuwirang paghaharing militar sa Pilipinas.

Bagamat walang pormal na deklarasyon ng *state of emergency* o batas militar, walang renda ngayon ang pasistang paninikil at pananaig ng kapangyarihan ng militar sa iba't ibang aspeto ng buhay-lipunan.

Sa loob ng iilang araw, sunud-sunod na pinagtibay at ipinatupad ang *curfew* sa Metro Manila at iba pang

mga syudad, ang pagtatayo ng mga tsekpoynt, pangangapkap at pagrekisa sa kagamitan ng mga tao. Plano ring armasan ang mga barangay tanod, magtalaga ng mga "secret marshall" sa mga bus at eroplano at iba pa. Ipinatutupad ang mahigpit na pagrekisa sa mga estudyanteng pumapasok sa mga eskwelahang maraming aktibista matapos itong ideklarang "malamang na target ng mga teroristang atake".

Kabilang din sa mga pinanggigigilang pagtibayin

NATIONAL

I.D. SYSTEM

ni Macapagal-Arroyo ang National ID System na ipatutupad na ayon sa desisyon ng National Security Council. Paraan ito upang mas madaling manmanan at kontrolin ang mamamayan. Iginiit ito ni Fidel Ramos noong 1996 at ni Joseph Estrada noong 1999. Ngunit kapwa silang nabigong ipatupad ito dahil sa puspusang paglaban ng mamamayan at pagtutol ng ibang mga pulitiko.

Muli ring inihapag sa kongreso ang panukalang batas laban sa terorismo. Nais nitong gawing ligal ang pagsikil sa mga karapatang sibil katulad ng ginawa ng diktadurang Marcos sa pamamagitan ng batas militar. Inilabas na rin ang panukalang bigyan ng "emergency powers" si Macapagal-Arroyo.

Sa islogang "labanan ang terorismo", ginagamit ng rehimen ang buong makinarya ng AFP at PNP, ang mga lokal na lambat paniktik at ang buong burukrasyang sibil mula sa mga pambansang ahensya hanggang sa antas barangay upang isakatuparan ang mga paghihigpit laban sa mamamayan. Itinayo na sa Malakanyang ang upisina ng National Command and Control Center (NCCC) at Presidential Oversight Committee on Internal Security (POCIS). Magtatayo ito ng lambat ng mga "anti-terror committee" sa bawat bayan at mga "Gabay ng Masa Aksyon Center (GMA Center)" sa bawat barangay upang ikoordina ang kampanyang saywar laban pangunahin sa rebolusyonaryong kilusan. Sa pamumuno ni Sec. Rigoberto Tiglao, ang NCCC at POCIS ay gagamitin ding makinaryang pang-eleksyon ni



NILALAMAN

Taon XXXII, Blg. 11 Nobyembre 2002

- **1 Editoryal:** Biguin ang balak na panumbalikin ang tuwirang paghaharing militar
- **Biguin ang Oplan Gordian Knot!** (5) Kontra-**4** gerilyang digma; (6) Mga kaso ng pagdukot; (6) Badyet ng digma
- 7 Armadong pakikibaka, umaani ng tagumpay sa buong bansa
- 9 Koresponsal: Medical at Fact-Finding Mission sa Cagayan, tagumpay; CIVAC ng kaaway,
- Koresponsal: Liberalisasyon, pumipinsala sa mga magsasaka; (11) Kampanyang kontra-gutom sa Panay; (11) Pasahe sa sitaw, ibaba!
- **11 GMA**: Kaaway ng mga kawani ng gubyerno
- 14 Iskandalosong korapsyon ng mag-asawang Arroyo
- Pagpupugay sa mga proletaryong internasyunalista at anti-imperyalista
- **17** Balita

Macapagal-Arroyo para sa kampanya hanggang 2004.

ANG IMPERYALISMONG U.S. at ang rehimeng Macapagal-Arroyo ang pangunahing nagsasamantala at nagmamanipula sa mga pambobomba. Maraming mga indi-

Maraming indikasyon na ang sunudsunod na pambobomba sa iba't ibang mga lugar ay kagagawan mismo ng militar.

kasyon na ang sunud-sunod na pambobomba, pagbabantang pambobomba at "pagkatuklas" sa iba pang mga bomba sa iba't ibang mga lugar ay kagagawan mismo ng militar. Sila lamang ang may kakayahan at interes na gawin ito.

Ang mga ito ay dumudugtong at tumutugma sa kampanya ng pananakot at paninindak ng AFP laban sa mamamayan sa balangkas ng doktrinang Bush. Sinimulan ito noon pang Agosto-Setyembre at kinatampukan ng pagpapakalat ng walang kabata-batayang mga kwento para dungisan ang integridad ng Partido at Bagong Hukbong Bayan. Ito'y sa imbing hangaring kamuhian o katakutan ang rebolusyonaryong kilusan.

Kabilang sa mga gawa-gawang kwentong ito ang diumano'y pagtatalaga sa Kamaynilaan ng 150 "sparrow unit" ng BHB at mga balak diumano na magpasabog ng bomba sa LRT at iba pang mataong lugar. Ang pambobomba sa Kidapawan City, Zamboanga at Metro Manila ay pawang ibinintang sa BHB. Sinasabi pang nakikipag-alyansa na raw ang BHB sa bandidong Abu Sayyaf.

Lumilikha ng malawakang takot ang Malakanyang at AFP upang palitawing ang mga mapaniil na hakbangin nito'y mga kinakailangang hakbangin para sa proteksyon ng mamamayan "laban sa mga banta ng terorismo". Nais ni Macapagal-Arroyo na ipatanggap sa mamamayan o ilarawang tinatanggap nila ang pagpapataw ng mga kontra-demokratikong hakbangin.

Nais din niyang bigyang-katwiran ang pagpapataw ng *state of emergency* tungo sa tuwirang paghaharing militar.

Ang kampanyang saywar na ito at ang mga isinagawang kaakibat na pambobomba ay pawang bahagi ng pinaigting na kontra-rebolusyonaryong digma ng rehimen. Tinagurian itong Oplan Gordian Knot ng AFP at tumatarget ito pangunahin sa rebolusyonaryong armadong kilusan; pati na rin sa mga ligal na



organisasyon at partido, partikular ang Bayan Muna.

Sa pamamagitan ng pagpupwesto ng mga patakarang "anti-terorista", layunin ng rehimeng Macapagal-Arroyo na gamitin ito pangunahin laban sa mamamayan at kanilang rebolusyonaryong kilusan. Sa harap ng lumalaganap na galit at

protesta ng mamamayan laban sa mga mapang-api at mapagsamantalang mga patakaran ng reaksyunaryong estado at ng mabilis na pagsulong ng rebolusyonaryong armadong kilusan sa kanayunan, ibayong nagiging desperado ang rehimen na ipagtanggol ang nabubulok at bangkaroteng naghaharing sistema.

Sa kabilang panig, habang lalong sumisidhi ang krisis panlipunang dulot ng mga patakarang dikta ng imperyalismong US, lalo namang desperadong kumakapit ang reaksyunaryong rehimen sa buntot ng kanyang imperyalistang amo.

ANG REHIMENG Macapagal-Arroyo ang pinakamaaasahang tagapagtaguyod ng mapandigmang patakarang panlabas ng gubyernong Bush sa Southeast Asia. Ito ngayon ang pangunahing naggigiit ng adyenda ng US sa rehiyon.

Sinusuportahan ni Macapagal-Arroyo ang mga maniobra ng US na magkaroon ng "access rights" o karapatang magpasok ng mga tropa nito sa mga bansa sa Southeast Asia. Para rito, iginigiit ni Macapagal-Arroyo ang pagbubuo ng isang "kasunduang anti-terorismo" sa hanay ng Pilipinas, Indonesia, Malaysia, Cambodia, Thailand at iba pang bansa sa rehiyon.

Nagagamit na ng US ang Pilipinas bilang base ng mga operasyon ng mga tropang Amerikano. Ginagamit nito ang mga "magkasanib na pagsasanay-militar" ng US at Pilipinas para panatilihin ang permanenteng presensya ng mga sundalong Amerikano rito sa bansa at tuwirang lumahok sa kontra-rebolusyonaryong digma sa Pilipinas.

Isa sa humahadlang sa layuning ito ng US ay ang bansang Indonesia. Simula noong Setyembre 11, 2001, tumanggi si Presidente Megawati Sukarnoputri ng Indonesia na lubusang pumailalim sa mga patakaran ng US. Ang pambobomba sa Bali, Indonesia noong Oktubre 12 ay pinaniniwalaang gawa-gawa ng

mga sikretong operatiba ng militar ng US. Mahigit 180 turista ang namatay dito. Ginamit ito ng gubyernong Bush upang ipitin ang gubyerno ni Megawati Sukarnoputri na sumuporta sa teroristang pandirigma ng US.

MALAKAS ang tunguhin sa lantarang paghaharing-militar. Mismong si Macapagal-Arroyo ang pinaka-masugid na tagapagtaguyod ng militarismo at ng mapandigmang patakaran ng imperyalismong US. Lubusan niyang ginagampanan ang papel niya bilang pinunong hepe ng AFP. Nagiging kamukha na siya ni Marcos.

Puspusang nilalabanan ng malawak na sambayanan ang militarismo ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Nakahanda sila, sa pamamagitan ng kanilang mga organisasyon, na labanan at biguin ang mga balak ng gubyernong Macapagal-Arroyo na pairalin ang tuwirang paghaharing militar.

Malawak na seksyon ng mamamayan ang naggigiit na isaisantabi ang lantay-militar na solusyon sa digmaang sibil at nananawagang muling buksan ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP upang lutasin ang mga ugat ng armadong tunggalian. Malawak na seksyon din ng mamamayan ang tumututol sa bulag na pagtataguyod ni Macapagal-Arroyo sa bawat utos at patakaran ng US.

Patuloy na sumusulong ang mga pakikibaka ng mamamayan laban sa pagtaas ng presyo ng langis at kuryente, laban sa garapalang korapsyon, para sa pagtataas ng sahod at pagtataas sa presyo ng mga produkto ng mga magsasaka. Lahat ng ito'y naglalantad sa anti-mamamayan at maka-imperyalistang rehimen ni Macapagal-Arroyo at ibayong naghihiwalay dito sa mamamayan.

Sa kanayunan, tuluy-tuloy ang paglulunsad ng Bagong Hukbong Bayan ng iba't ibang laking taktikal na opensiba tanda ng pagsulong ng rebolusyonaryong pakikibaka sa kanayunan at paglawak ng suporta sa hanay ng masang magsasaka.

Ang pananatili ni Macapagal-Arroyo sa poder ay pangunahing nakasandig sa suporta ng AFP at ng US. Mabuway ito dahil walang suporta ng mamamayan. Habang nagpupumilit ang rehimeng Macapagal-Arroyo na isakatuparan ang mga maka-imperyalista at pasistang patakaran, mabilis na lumilitaw ang mga kundisyon upang epektibong makakilos ang mamamayan tungo sa pagpapabagsak ng papet na rehimen.

Biguin ang Oplan Gordian Knot!

ng Oplan Gordian Knot ang bagong ipinangalan ni AFP Chief of Staff Benjamin Defensor sa plano nito sa kontra-rebolusyonaryong digma. Layunin nitong paigtingin ang digma at bitagin ang mga rebolusyonaryong pwersa sa isang labanang lantay-militar.

Nakabatay ito sa Oplan Bantay Laya na

binuo ni Defense Secretary Angelo Reyes noong Hulyo 17, 2002. Wala itong pinag-iba sa dati nang mga plano liban sa direktiba ni Defensor na gamitin ang "lahat at anumang paraan" na lantarang nagtutulak ng isang digmaang walang alituntunin at malawakang pang-aabusong militar laban sa mamamayan.

Binibigyang-diin nito ang pagpapaigting ng digma, paniniktik at saywar. Bunga ng kahirapang sugpuin ang rebolusyonaryong kilusan, binibigyan nila ng diin ang "kolaborasyon, koordinasyon at konsentrasyon" ng mga pwersa nila para sa "mas malakas, mas mabilis at mas mapamuksa" na paglaban sa rebolusyonaryong kilusan.

Pinaigting na mga operasyong militar. Inilulunsad ng AFP at PNP ang mga koordinado at konsentradong operasyong militar sa Bulacan, Zambales, Pangasinan, Cagayan Valley at Northeastern Mindanao dagdag pa sa dati nang tinututukang mga larangan sa Mindoro, Bohol, Davao Oriental, Davao del Norte, Negros, Quezon, Laguna, Bicol, Leyte at Aurora.

Kaugnay nito, nagpapalakas ang AFP at PNP. Daragdagan ng di bababa sa P9 bilyon ang badyet ng AFP para sa 2003 para sa pagkuha ng karagdagang pwersa, pagpapalaki ng CAFGU, pagkuha ng karagdagang armas at iba pa. Umaasa nang malaki ang AFP sa tulong na ibinibigay ng militar ng US sa pamamagitan ng mga tipong-Balikatan na magkasanib na pagsasanay militar, pagbibigay ng "payo", pag-aarmas at aktwal na mga lihim na koordinadong operasyon ng

mga tropang Amerikano at AFP.

Saywar. Esensyal na elemento ng
Oplan Gordian
Knot ang pagpapalakas ng kampanyang saywar na may
layuning ilarawang
"terorista" at "kriminal" ang PKP at BHB.
Nagpapalaganap sila ng
pinakamaruming propaganda
na walang anumang batayan. Gusto

nilang pairalin ang takot at kasuklaman ang BHB.

Dinudungisan nila ang rebolusyonaryong integridad ng BHB sa pamamagitan ng pagpapakulo ng mga isyu tulad ng "mass graves" (paghukay o dili kaya'y pagkatuklas ng mga libingan ng diumano'y mga biktima ng BHB), "pagpapataw ng kung anu-anong buwis na nagpapabigat sa masa", "pagkulekta ng tong sa hweteng dahil nagugutom na sila", "may malaking taniman ng marijuana", "utak ito sa pambobomba" at "pagpatay sa mga inosenteng sibilyan." Kahit lehitimo ang mga target ng mga taktikal na opensiba, inilalarawan ang mga ito bilang mga "akto ng terorismo".

Kaugnay nito, aktibong iniipit ng Malakanyang at AFP ang masmidya. May presyur hindi lamang sa mga istasyon ng radyo at telebisyon, kundi pati rin sa mga pahayagang nasyunal at lokal, na huwag bigyan ng oras o ispasyo ang mga tagapagsalita ng Partido, BHB at rebolusyonaryong kilusan . O dili kaya'y paliitin ang kabuluhan ng mga balitang may kaugnayan sa mga ito.

Malisyosong iniuugnay ang Bayan Muna sa rebolusyonaryong armadong kilusan upang gawin itong target ng mga operasyong militar. Takot na takot sila sa Bayan Muna dahil sa malawak na suportang tinatamasa nito mula sa mamamayan.

Nagpapalabas ang rehimen na interesado ito sa usapang pangkapayapaan sa pamamagitan ng "single peace agreement", pagpapakana ng "local peace talks" at "local peace zones" na walang ibang layunin kundi ang pasukuin ang mga rebolusyonaryong pwersa.

"Civic-action" laban sa BHB. Desperado si Macapagal-Arroyo na "agawin ang simpatya" ng mga tao, laluna sa kanayunan, mula sa rebolusyonaryong kilusan. Desperado rin siyang ilarawang sinusuportahan ng mamamayan ang kanyang anti-mamamayang mga hakbangin. Para rito, puspusang pinakikilos ng rehimen ang burukrasya mula sa pambansang ahensya hanggang sa antas barangay.

Naglulunsad ito ng mga antikomunistang kumperensya at rali at mga pagtitipon na gumagamit sa mga upisyal ng barangay, grupong vigilante, mga asset nito sa simbahan, mga Contras, mga nagsisuko at mga police-civilian organization.

Naglulunsad rin ito ng mga pakitang-taong proyektong "sosyoekonomiko" upang linlangin ang mamamayan at palabasing tumutugon ang gubyerno sa mga pangangailangan ng mga tao.

TIYAK NA magreresulta sa lalong paglala ng mga pang-aabuso ng militar sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas ang Oplan Gordian Knot, laluna sa panawagang isagawa ang "lahat at anumang paraan" upang wasakin ang rebolusyonaryong kilusan. Hayagang binigyan ni Defensor ng awtoridad ang kanyang mga kumander na kalimutan muna ang mga alituntunin.

Kailangang labanan at biguin ang Oplan Gordian Knot at "all-out war" sa pamamagitan ng pagsusulong ng ating gawain sa lahat ng aspeto ng rebolusyonaryong pagkilos: sa militar, kilusang masa at rebolusyong agraryo, pakikipagkaisang prente at pagpopropaganda.

May partikular na kabuluhan at kakagyatan ang pagbibigay-diin sa ating gawaing propaganda upang aktibong kontrahin ang mga kasinungalingang pinalalaganap ng rehimen. Kailangang bigyan ng pansin ang gawaing propaganda ng mga namumunong organo ng Partido at tiyaking may nauukol na makinarya at rekurso upang maging puspusan, mapamaraan at walang pagod sa paglilinaw ng ating paninindigan at paglalantad sa mga kasinunga-

Iingan ng kaaway.

Ipaliwanag sa
pinakamaraming
posibleng maaabot
na mamamayan
ang kawastuan
ng rebolusyonaryong paglaban, ang kabuluhan
at pakinabang na
natamo ng mamamayan sa armadong

pakikibaka, rebolu-

syong agraryo at pagtatayo ng demokratikong gubyernong bayan.

Kailangang ipakita na ang rebolusyonaryong kilusan, hindi ang reaksyunaryo, papet at militaristang rehimeng Macapagal-Arroyo, ang sinsero sa usapang pangkapayapaan. Ipakita na sa ilalim ng kanyang rehimen, ang usapang pangkapayapaan ay sinagkaan alinsunod sa kagustuhan ng mga militarista at imperyalismong US; at ang "single peace agreement" ay walang layuning lutasin ang ugat ng digmaang sibil kundi naghahangad lamang na ibasura ang mga dating nakamit na mga kasunduan at pasukuin ang mga rebolusyonaryong pwersa sa reaksyunaryong estado. AB

Ang kontra-gerilyang digma ng AFP at PNP

- "pandudumog" o pagkokombina ng iba't ibang kumand at pagkokonsentra ng mga ito sa ilang partikular na lugar na tinatantya ng AFP na malakas ang rebolusyonaryong armadong kilusan.
- koordinasyon ng mga operasyon ng AFP at PNP
- paggamit sa Special Forces bilang pangunahing pwersang pambutas at pambira sa mga tinatarget na yunit gerilya. Pagpapailalim sa pambansang kumand ng mga Light Reaction Companies (LRC) at iba pang Independent Company, bukod sa area Scout Rangers Companies (SRC)/Special Forces Companies (SFC) at local Reconnaissance Companies (Recon Coy).
- Pagpapalaki rin ng PNP Special Action Forces (SAF). Sa ngayon mayroon lamang tatlong SAFs—isa sa HQ, isa sa Mindoro at isa sa Diwalwal, Compostela Valley.
- Pagtutok sa mga prayoridad na barangay sa mga larangan (500 sa 41,986 na barangay).
- Pagtatalaga rito ng mga kumpanya na may Modified Special Operations Team (MSOT)—pinaliit na platun o pinalaking mga iskwad na pilit kinokopya ang estilo ng gawain ng BHB sa desperasyong "kabigin ang puso't isipan" ng mamamayan.
- Pagtatayo ng mga detatsment sa gilid ng mga eryang malakas ang rebolusyonaryong kilusan.
- Pagpaparami at pagpapalakas ng CAFGU.
- Koordinasyon sa militar ng US sa pamamagitan ng mga tipong-Balikatan na joint military training, pagbibigay ng "advice", pag-aarmas at aktwal na mga lihim na koordinadong operasyon ng mga tropang Amerikano at AFP. AB

Dumaraming kaso ng pagdukot at desaparecido

Oktubre 16. Natagpuan ang bangkay ni Pastor Nemesio Malcil, 40, ng United Church of Christ in the Philippines sa Baco, Oriental Mindoro. Nagtamo ito ng maraming saksak sa katawan. Si Pastor Malcil ay hindi na nakauwi noong Oktubre 14 mula nang siya ay hulihin ng mga elemento ng 204th Brigade sa kanyang tahanan sa San Teodoro, Oriental Mindoro.

Oktubre 7. Huling nakita ng kanyang asawa sa terminal ng dyip si Domingo de las Alas, *municipal coordinator* ng Bayan Muna para sa Ibaan, Batangas. Papuntang Maynila si de las Alas upang mag-asikaso ng ilang papeles. Ayon sa kanyang asawa, may sumunod kay de las Alas na mga lalaking nakasakay sa isang *owner type* na dyip. Pagdating sa Maynila, nagawa pa ni de las Alas na tumawag sa kanyang anak upang sabihing "may problema". Naputol ang linya at ito na ang huling komunikasyon sa kanya.

Iginigiit ng Bayan Muna na papanagutan ng militar ang pagkawala ni de las Alas at palayain siya sa lalong madaling panahon.

Oktubre 5."Pinatawag" at mahigit dalawang araw na pinahirapan ng AFP si Dino Bangkiling, 40, isang Mangyan mula sa Oriental Mindoro. Mismong si Col. Jovito Palparan, kumander ng 204th Bde ang nagtortyur at nag-interoga sa kanya. Inakusahan siyang tagasuporta ng BHB at pwersahang pina-aaming may kinalaman o kaalaman sa pagkawala ng isang David Caldeto at dalawang iba pa. Pinalaya si Bangkiling matapos niyang mapatunayang wala siyang kinalaman at anumang kaalaman sa mga pinagtatanong sa kanya ng militar. Bago tuluyang pakawalan, binantaan siyang huwag magsumbong kaninuman. Kundi'y sasalakayin at pahihirapan ng AFP ang kanilang komunidad.

Pambansang badyet sa 2003

Badyet ng digma laban sa mamamayan

Ang inihandang badyet ng rehimeng Macapagal-Arroyo para sa 2003 ay nakatuon sa ibayong pagpapalakas ng makinaryang militar sa kapinsalaan ng mga serbisyong panlipunan. Dito'y itinaas ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang alokasyon para sa AFP nang mahigit P4 bilyon. Hindi pa kasama rito ang P5 bilyong nakatakda para sa AFP Modernization Plan.

Department of National Defense. Tumaas nang P4.7 bilyon. Ang naging kabuuang badyet ay P65.135 bilyon. **Philippine Military Academy.** Dinagdagan ng P30.2 milyon (samantala, kinaltasan nang P143.9 milyon ang badyet ng mga *state colleges and universities* at nang P28.3 milyon ang badyet ng Philippine Science High School at Science Education Institute).

Intelligence fund. Dinagdagan nang P14.2 milyon. Nasa P1.2 bilyon ang kabuuang pondong pang*intelligence*, kung saan P650 milyon o lampas kalahati ay nakalaan para sa Office of the President.

PNP. Tumaas nang P2.3 bilyon, kabilang ang P2.1 bilyong nakalaan para sa pagtaas ng sahod ng mga pulis at P300 milyong para sa pagkuha ng 9,000 bagong pulis, bumbero at *jailguard*.

Sa kabilang panig, binawasan ang alokasyon sa pabahay nang P307.5 milyon, sa agrikultura at reporma sa lupa (P424.1 milyon), sa serbisyong pangkalusugan (P502.2 milyon) at segurong panlipunan, kagalingan at empleyo (P184.7 milyon).

Mga kaso ng pagdukot sa anak upang sumuko ang magulang

Dinukot noong Agosto 22 ng mga elemento ng 8th Infantry Division ng Philippine Army si Rosa Guadiana, 18, sa Catarman, Northern Samar. Si Rosa ay anak si Kasamang Abdias Guadiana, isa sa mga konsultant ng National Democratic Front of the Phillipines (NDFP) sa usapang pangkapayapaan. Dinukot si Rosa ng militar upang pwersahin ang kanyang ama na lumantad at sumuko. Ayon sa mga nakasaksi, tinabihan at ininteroga si Rosa ng isang di kilalang lalaki habang nakasakay sa bus papuntang Catbalogan. Ang lalaking ito ay sumakay sa Barangay Maulong, Catbalogan sa harap mismo ng hedkwarters ng 8th ID. Kinukundena ng NDFP ang patuloy na pagtanggi ng AFP na ilitaw si Rosa.

Ang kaso ni Rosa ay hindi siyang una sa Silangang Kabisayaan. Noong Disyembre 2000, si Levi Mabanan, isang 9-taong gulang na bata, ay dinukot ng isang yunit ng 34th IB. Kinuha ng nasabing yunit si Levi upang pasukuin ang ina at kapatid niyang mga Pulang mandirigma. Hanggang ngayon ay di pa pinalalaya si Levi.

Bakit mabibigo ang digmang kontragerilya?

Katulad sa nakaraan, mabibigo ang digmang kontra-gerilyang "Oplan Gordian Knot" ng AFP dahil ang ipinagtatanggol nito ay isang sistemang bulok, mapang-api at mapagsamantala. Walang anumang epektibong taktika na magagamit ang kaaway upang gapiin ang rebolusyonaryong kilusan dahil ito'y sinusuportahan at itinataguyod ng mamamayan. Sa kabila ng pananakot at pagmamalupit ng AFP at PNP, militanteng tumitindig ang masa at iwinawaksi ang pasistang paghahari sa kanayunan.

Patuloy na gagamitin ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan ang mga taktika ng pakikidigmang gerilya nang may talino at talas. Walang anumang antas ng konsentrasyon ng kaaway ang hindi kayang lusutan ng BHB.

Dahil sa disiplinang-militar at lalim ng suporta ng masa, palaging nakaiiwas ang mga mandirigma sa konsentradong pwersa ng kaaway. Sa tulong ng masa, palagiang nakakikita ang BHB ng puwang upang maglunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa mahihinang pwersa o napahihiwalay na tropa ng kaaway.

Patuloy na itinataas ang kakayahang militar at rebolusyonaryong kamulatan ng magigiting na Pulang mandirigma. Ang matataginting na taktikal na opensiba ng BHB nitong nakaraan sa Compostela Valley, Pampanga, Bulacan, Quezon, Mindoro, Leyte, Samar, Bohol, Negros at iba pang mga lugar ay nagpapatunay na patuloy na lumalalakas ang rebolusyonaryong kilusan.

Armadong pakikibaka, umaani ng tagumpay sa buong bansa

Detatsment ng 74th IB, nireyd ng BHB sa Quezon

Matagumpay na nireyd ng Maria Theresa de Leon Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa dulong timog Quezon ang detatsment ng 74th IB sa Barangay Abuyon, San Narciso, Quezon noong Oktubre 4.

Taliwas sa iniulat ng Armed Forces of the Philippines (AFP), hindi lamang isang elemento ng CAFGU ang namatay sa reyd. Labing-isang sundalo ang namatay at lima ang nasugatan sa 18 pwersa ng detatsment.



Sa isang bukas na liham noong Oktubre 6, nilinaw ng BHB na taliwas sa iniulat ng militar sa midya, hindi target ng reyd ang kalapit na Keangnam Construction Company. Anang BHB, walang dahilan para parusahan ang naturang kumpanya.

Wala ni anumang pinsalang tinamo ang BHB at wala ring nadamay na sibilyan.

Ayon sa BHB, matagal nang hinihingi ng mamamayan na parusahan ang 74th IB dahil sa mga krimen nito laban sa mamamayan ng Bondoc Peninsula.

Chief of Police, pinarusahan sa Occidental Mindoro

Pinarusahan noong Oktubre 17 ng anim-kataong tim ng BHB si SPO4 Christopher Pacaul, hepe ng Philippine National Police (PNP) sa Abra de Ilog, Occidental Mindoro. Dito nagwakas ang kanyang mahabang rekord sa mga paglabag sa karapatang-tao. Nakumpiska kay Pacaul ang kanyang 9 mm na pistola.

BHB, tagumpay sa kontra-ambus laban sa RHB

Anim na tauhan ng ng bandidong Rebolusyonaryong Hukbong Bayan (RHB) ang patay sa isang kontra-ambus ng BHB noong gabi ng Oktubre 17 sa Kalagiman, Samal, Bataan.

Naunang pumusisyon ang 15 kataong yunit ng RHB sa isang kubong dadaanan ng sasakyan ng mga kasamang nagmula sa pakikipagpulong sa masa sa baryo. Bilang hakbanging kontra-ambus, hindi kaagad sumakay ang mga kasama at sa halip ay tumawid sa pilapil patungo sa likod ng kubong pinusisyonan ng RHB.

Bagamat naunang nakapamutok ang RHB, mabilis na nakakontra ang mga kasama. Walang nasaktan sa panig ng BHB. Tumagal ang labanan nang 30 minuto.

Kinabukasan, muling nanindak ang RHB sa mga tagabaryo. Subalit harapan silang itinakwil ng masa na nagsabing ang Partido at BHB lamang ang tangi nilang susuportahan.

Aksyon laban sa mapaminsalang pagku-quarry sa Bulacan

Kumilos ang BHB laban mga mapaminsalang negosyong *sand quarry* (paghahakot ng buhangin at graba mula ilog) sa Ilog Angat sa silangang Bulacan noong Setyembre 25. Winasak ng mga Pulang Mandirigma ang malalaking kagamitan sa pagku-*quarry*, kabilang ang mga buldoser at *crane*.

Mahigpit na tinututulan ng mamamayan ng Angat ang pagku-quarry. Ito ay dahil sa pagkatuyo ng pinanggagalingan ng tubig para sa libong ektaryang mga sakahan at para sa inumin ng libu-libong pamilya sa lugar.

Hindi inihinto ang pagku-quarry sa kabila ng paulit-ulit na mga petisyon at kilos protesta ng masa. Kasabwat ng mga kapitalista ng quarry ang lokal na mga upisyal ng gubyerno. Wala nang ibang masulingan ang masa kundi ang BHB na maagap namang tumugon sa kanilang panawagan.

Samantala, matagumpay na sinalakay ng BHB ang himpilan ng 306th Provincial Mobile Group (PMG) sa Sampaloc, San Rafael, Bulacan noong Setyembre 30. Maghahating-gabi nang sorpresahin ng mga Pulang mandirigma ang mga nagsusugal na tauhan ng PMG. Hindi bababa sa anim na pulis ang sugatan sa reyd.

Isinagawa ang pagsalakay bilang kaparusahan sa mahabang listahan ng karahasan at pamiminsala sa mamamayan ng naturang tropa ng pulisya sa pamumuno ng sabwatang Col. Fernando Villanueva at Gob. Josie dela Cruz.

7 armas, nakumpiska sa Samar

Nakumpiska ng BHB ang dalawang M16, limang .45 pistola, mga magasin at bala sa tatlong magkakahi-

walay na opensibang inilunsad sa Samar noong Agosto at Setyembre. Tinarget ng mga operasyong ito ang PNP at Engineering Battalion ng Philippine Army. Ang naturang mga opensiba ay inilunsad ng Sergio Lobina Command sa Barangay Natividad, San Policarpio, Eastern Samar; sa Bugtong, Tinambacan District, Calbayog City; at Barangay Dolores, Las Navas, Northern Samar.

Kampo ng kriminal na meyor sa Abra, sinunog

Sinunog ng mga mandirigma ng BHB-Agustin Begnalen Command, ang kampo ni Meyor Clarence "Boyet" Benwaren, isang kilalang kriminal na *warlord* sa Tineg, Abra. Isinagawa ang pagsunog ng dalawang maliit na gusali at tatlong kubo noong Setyembre 12 bilang pagparusa sa labis na pagmamalupit ng pamilyang Benwaren sa taumbayan.

Ang kampong Ben's Vera ay nagsisilbing taguan ng mga armadong tauhan ng mga Benwaren, ng mga tropa ng Philippine Army at ng mga *military intelligence agent*. Ginagamit din ito sa iligal na pagtotroso ng pamilyang Benwaren at mga elemento ng 17th IB.

Si Benwaren ay pinatay nitong Oktubre 29 sa Calauan, Laguna ng mga lalaking pinaniniwalaang inutusan at binayaran ng mga kalaban niya sa pulitika.

Mga tagumpay sa Pampanga, ipinagbunyi

Ipinagbunyi ng Bagong Hukbong Bayan-Pampanga noong Oktubre 12 ang matatagumpay na taktikal na opensiba na nailunsad sa buong kapuluan. Anila, ang mga ito ay "matutunog na tugon sa todo-digmang kampanya ng rehimen". Partikular sa Pampanga, sagot ito sa matagal nang kahilingan ng masa na "bigwasan ang teroristang AFP at bandidong RHB". Ilan sa mga matagumpay na opensiba ang sumusunod:

Agosto 16, 2002, 10:00 ng umaga. Kinubkob ng isang yunit ng BHB ang lima-kataong Recon-Force Team ng 69th IB ng Philippine Army na nagsagawa ng paniniktik sa Sityo Labak, Cauayan, Mexico, Pampanga. Napatay sa raid ang isang sarhento at isang upisyal-paniktik at malubhang nasugatan ang iba pa. Nasamsam ang isang M14, isang M16, 9 mm na pistola at mga dokumento.

Agosto 30, 2002, 5:30 ng hapon. Inambus ng mga Pulang mandirigma ang bandidong pangkat na RHB sa

kontrol ng ilog sa San Patricio, Mexico. Nadurog ang mga tulisan sa mapangahas na opensiba. Ikatlong ambus na ito laban sa tulisang RHB.

Nagsitakbuhan ang mga ito sa unang engkwentro noong Pebrero 14 sa San Agustin, Sta. Ana at sa ikalawa noong Marso 11, sa *spillway* ng Sto. Rosario, Mexico. Nauna pa rito, pinarusahan ng BHB ang mga sagadsaring pwersa nito na naghasik ng terorismo sa mga inosenteng sibilyan tulad ni Rey "Karla" Lagman at iba pa. Anang BHB, ito ay paggawad ng rebolusyonaryong hustisya sa lahat ng biktima ng RHB.

Agosto 31, 2002, 1:00 ng umaga. Inambus ng isang yunit ng BHB ang isang owner-type na dyip na sinakyan ng pinagsanib na intelligence network ng 703rd Bde at PNP, sa San Jose, Lubao. Katatapos lamang nilang magpulong sa isang resort. Apat na kaaway ang napaslang sa nasabing pananambang.

Medical at fact-finding mission sa Cagayan tagumpay; CIVAC ng AFP nilangaw

ubhang nahihiwalay na ang AFP sa mamamayan. Ipinakita ito nang magdaos ng isang matagumpay na *medical* at *fact-finding mission* (MM-FFM) noong Setyembre 19-22 sa Caruppian, Baggao, Cagayan ang CAGIMUNGAN, ang intermunisipal na samahan ng mga magsasaka sa prubinsya.

Ang MM-FFM na isinagawa ng mahigit 10 propesyunal sa kalusugan, mga kabataang aktibista, taong simbahan at mga myembro ng mga progresibong institusyon ay tinangkilik ng mahigit 1,000 katao. Pakay nito na maghatid ng serbisyong medikal sa mamamayan at imbestigahan ang mga naiulat na karahasang militar laban sa mga magsasaka sa tatlong barangay ng Caruppian, Ibulo at Bunugan. Sa kabilang banda, nilangaw naman ang *civic action* (CIVAC) na inilunsad ng 5th ID sa Caruppian din noong Setyembre 15.

Kasabay ng MM-FFM, isang petisyon ang inilabas ng mamamayan sa tatlong barangay na tumututol sa pagrerekluta ng CAFGU at naglalantad sa karahasan at pananalanta ng 41st IB sa mga taumbaryo. Kabilang sa mga pumirma sa petisyon ang lahat ng upisyal ng Barangay Caruppian.

Sa huling araw ng aktibidad ay nagdaos ng Araw ng Pagkakaisa sa isang eskwelahan sa Caruppian na dinaluhan ng humigit-kumulang 300 katao. Nasa tabi ito mismo ng *barangay hall*, na hinihimpilan ng Bravo Company ng 41st IB. Pinapunta rito ang militar subalit iilan lamang ang nanood sa may labas ng bakod ng eskwelahan. Ang kumander ng kumpanya na si Lieutenant Gaffud ay nagtakip pa ng mukha sa sobrang kahihiyan nang magsalita na ang mga biktima ng karahasang militar mula sa panahon ng batas militar hanggang sa kasalukuyan at nag-iyakan ang masang nakikinig. Ang ilang sundalong nanonood sa labas ay untiunting lumayo. Damang-dama nila ang pagkamuhi ng mamamayan.

Isang ordinaryong sundalong lumapit sa lugar ng pagtitipon ang pinaligiran at pinaliwanagan ng mga kabataang aktibista. Pagkatapos siyang paliwanagan,



sinabi niyang umaayon siya sa ipinaglalaban ng mga magsasaka dahil interes ito ng kanyang pamilyang mula rin sa uring magbubukid.

Galit na galit ang 5th ID sa pagkaboykot ng kanilang CIVAC. Kahit sa mismong purok ng barangay na kinalalagyan ng himpilang militar, iilang taumbaryo lamang ang nagpunta, sa kabila ng pag-imbita ng AFP sa iba't ibang baryo. Kahit ang dinalang kombo at idinaos na sayawan ay hindi nakaengganyo sa taumbaryo. Ang ilang dumalo rito ay nagmadaling umuwi dahil naglasingan ang mga militar.

Di na rin nakapagtataka kung boykotin ng mga taumbaryo ang CIVAC. Sa kanilang karanasan, pawang mga *expired* na gamot ang ipinamimigay tuwing nagdaraos ng CIVAC ang AFP. May mga insidente pang hindi angkop ang mga gamot na ibinigay para sa ilang sakit, at lalong sumama ang pakiramdam ng mga uminom nito.

Isang araw pagkatapos ng MM-FFM, nagdaos ng *press conference* ang mga lider-magsasaka ng CAGI-MUNGAN para isiwalat ang mga paglabag sa karapatang-tao na isinadokumento ng *fact-finding mission* at ang petisyon ng mga taumbaryo na patalsikin ang 41st IB.

Walang maisagot ang militar sa mga kaso ng pangaabuso na inilantad ng misyon. AB



Liberalisasyon sa importasyon ng gulay at bigas, pumipinsala sa mga magsasaka

rabe na ang dagok na dulot ng liberalisasyon ng importasyon sa mga lokal na prodyuser ng gulay at bigas.

Nitong Hulyo at Agosto lamang, nalugi nang P21 bilyon ang mga maggugulay sa Benguet nang dumagsa ang mga imported na gulay mula sa Australia, New Zealand at The Netherlands at nasapawan ang mga lokal na gulay.

Nang kumprontahin ng mga maggugulay si Agriculture Secretary Leonardo Montemayor noong Agosto, sinabi niyang 302,405 kilo lamang ang iniimport na gulay, o katumbas ng 0.17% ng kabuuang demand. Sinabi rin niyang dadalawa lamang ang importer ng gulay sa bansa, at ang pangunahin dito ay ang Rustan's Supermarket.

Subalit inamin din ni Montemayor nitong Oktubre na 266 tonelada ng *upland vegetables* ang inangkat ng Rustan's mula Enero hanggang Setyembre. Ito'y sa kabila ng katotohanang ang lahat ng inangkat nitong gulay, tulad ng *carrots*, patatas, repolyo, kabute at *cauliflower*, ay may sapat na suplay sa lokal na merkado. Lalong nadismaya ang mga maggugulay nang malaman nila na hindi lamang

Rustan's kundi 13 iba pang kumpanya sa bansa ang umaangkat ng umaabot sa 37 klase ng gulay.

Tanda pa ng pagsuko ng rehimeng Macapagal-Arroyo ng pambansang interes sa pakikipagkalakalan, mayorya ng mga gulay na iniimport ng Pilipinas ay nagmumula sa Australia, na nagpapataw ng maraming restriksyon sa pagiimport ng mangga at iba pang produktong agrikultural mula sa Pilipinas.

Pilit na ipinagtanggol ni Montemayor ang ginagawang importasyon sa pagsabing ligal naman ito. Bukod sa ligal na importasyon, laganap din ang ismagling o iligal na pag-aangkat ng gulay.

Dahil sa matinding pagkalugi, naglunsad ng serye ng mga kilosprotesta nitong Oktubre ang libulibong maggugulay sa Benguet na myembro ng Alyansa dagiti Pesante iti Taeng-Kordilyera o APIT-TAKO para igiit ang pagsuspinde sa implementasyon ng General Agreement on Tariffs and Trade (GATT). Alinsunod sa GATT, tinanggal na ang restriksyon sa dami ng pwedeng

angkating gulay at iba pang produktong pagkain at binawasan ang taripa. Nakatakdang alisin nang lubusan ang mga taripa sa mga imported na pagkain pagsapit ng 2004.

KASABAY NG PAG-ALMA ng mga maggugulay mula sa Benguet, ikinakampanya naman ng Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luzon (AMGL) ang pagtigil ng rehimen sa liberalisasyon sa importasyon. Iginiit ng AMGL na kailangang suportahan ang mga lokal na prodyuser ng bigas sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga subsidyo.

Alinsunod sa GATT, bawal ang pagbibigay ng subsidyo sa mga magsasaka.

Tinuligsa rin ng AMGL ang pagkakasangkot ng mga kamaganak at malalapit na kaibigan ni Macapagal-Arroyo sa ismagling ng bigas. Anang AMGL, ang pagdagsa ng imported at *smuggled* na bigas ang dahilan kung bakit bumabagsak ang presyo ng palay hanggang P5 bawat kilo, laluna sa panahon ng

sundan sa "Liberalisasyon", pahina 11



Kampanyang kontra-gutom, bumubwelo sa Panay

Umani ng tagumpay ang mga magsasaka sa Guimaras at Panay sa kanilang kampanyang kontra-gutom noong nakara-ang Agosto. Sa iba't ibang paraan at pagkakataon, daan-daang magsasaka ang sama-samang naggiit ng subsidyong bigas sa mga lokal na gubyerno.

Sa San Lorenzo, Guimaras, nakipagdayalogo ang mga lider magsasaka sa pamahalaang munisipal. Naigiit nilang bigyan sila ng 20 sakong bigas. Pinaghati-hatian naman ng mga magsasaka sa 31 baryo ng Cuartero, Dumarao, Maayon, Jamindan at Tapaz ang 38 sakong bigas mula sa pamahalaang prubinsyal ng Capiz.

Sa Dumarao pa rin, hindi napigilan ang mga magsasaka sa Stockfarm, Barangay Bungsuan ng mga panlilinlang at pananakot ng mga tauhan ng Bureau of Animal Industry at 314th Provincial Mobile Group ng PNP. Iginiit nila sa pamahalaang prubinsyal na bigyan sila ng subsidyo. Resulta ng kanilang sama-samang pagkilos, iniuwi nila ang 48 sakong bigas. Napilitan namang mangako ang mga lokal na gubyerno sa Iloilo na magbigay ng subsidyo sa mga magsasaka sa Janiuay, Maasin at Oton. Si Mayor Frankie Locsin ng Janiuay ay nangakong maglaan ng P65,000 mula sa natipid ng bayan para sa *relief*.

Laganap ang kagutuman sa buong isla ng Panay. Bagsak ang produksyon ng palay, asukal at niyog. Bagsak din maging ang nakukuhang ani mula sa dagat. Tinatayang aabot sa isang milyong metriko toneladang palay ang mababawas sa buong produksyon ng palay sa Region 6 para sa 2002 dulot ng sunud-sunod na mga sakuna at ng El Niño.

mula sa "Liberalisasyon", pahina 10

anihan.

Tinatayang aabot sa 1.14 milyong metriko tonelada ng bigas ang importasyon ng bansa ngayong taon mula sa Vietnam, Thailand, Pakistan at India. Sa unang anim na buwan naman ng 2003, nakatakdang mag-angkat ang bansa ng 1,000,000 metriko tonelada.

Kinundena rin ng AMGL ang patuloy na paglaganap ng pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural sa tulak na rin ng gubyerno, at ang ibinubunga nitong malawak na disempleyo at kahirapan sa kanayunan.

Sa harap ng lahat ng ito, iginiit ng AMGL sa rehimeng Macapagal-Arroyo na dapat nitong suportahan ang lokal na agrikultura at palakihin ang bolyum ng binibili nitong palay mula sa mga magsasakang Pilipino. Iginiit ng AMGL ang pagtataas sa suportang presyo para sa bawat kilo ng palay mula P7.50 tungong P15.00.

Ibaba ang pasahe ng sitaw, sigaw sa Bulacan

Kasalukuyang isinusulong ng mga organisadong magsasaka sa silangang Bulacan ang isang kampanya para mapababa ang pasahe ng

sitaw, mula P3 tungong P2 bawat tali. Ang kampanya ay isinusulong sa gitna ng mga pagsisikap na organisahin ang balangay ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM) sa lugar.

Ayon sa pahayag "filling pKM sa silangang Bulacan, sa pasa-

heng P3 bawat tali, P9,000 ang kabuuang kita ng mga byahero bawat byahe. Subalit P2,100 lamang ang gastos ng mga byahero para sa krudo, *parking fee*, pakain at upa sa drayber at pahinante. Lumalabas na P6,900 ang netong kita ng mga byahero bawat byahe.

Anang PKM: "Walang kahirap-hirap, tumataginting na P6,900 ang linis na kita sa isang byahe lang ng sitaw. Samantalang tayong nagkakandakuba sa apat na buwan sa pagsisitaw ay walang nakakamit kundi ang humahabang listahan ng utang!"

Dagdag ng PKM, "Kinatas na ng mga financier-byaherong ito ang tuyot na kabuhayan natin! Napakataas na tubo sa abono't pestisidyo, pagpapatong ng mataas na interes sa ating mga bale at utang, napakamahal na upa sa makina lalo na't kwentahan ng pakturahan (listahan ng gastos), binarat na presyo ng sitaw! Hanggang sa pasahe, tinataga pa rin tayo!"

Kinundena ng PKM ang mga komersyante-panginoong maylupa na nagsasamantala sa mga magsasaka. Ayon sa PKM, "kaisa natin ang BHB sa isinusulong na pakikibaka dahil ang interes ng magsasaka ang pangunahing nilalaman ng programa ng PKP-BHB sa demokratikong rebolusyong bayan." AB

Macapagal-Arroyo: Kaaway ng mga kawani ng gubyerno



sa poder, wala na itong ginawa kundi dagdagan ang pasanin ng mga kawani ng gubyerno.

Una, ipinako niya ang sweldo ng mga kawani sa napakababang antas. Tahasan niyang tinanggihan ang malaon nang iginigiit na P3,000 dagdag sa buwanang sweldo. Mas masahol pa, tinanggal niya sa badyet ang 5% dagdag sa sweldo na pinagtibay ng rehimeng Estrada noong 2000. Ani Macapagal-Arroyo, walang ibibigay ni isang sentimo ang kanyang rehimen sa 2003 sa mga kawani sa burukrasyang sibil. Sa kabilang panig, naglaan ang rehimen ng mahigit P5 bilyon para sa dagdag na sahod ng mga sundalo at pulis.

Noong 2001, may naipagwaging mga dagdag na benepisyo ang mga kawani sa pamamagitan ng kolektibong pakikipagnegosasyon sa kani-kanilang mga departamento. Ngunit mula 2002, pinagbababawi na ng rehimen ang mga benepisyong ito. Maging ang mga isinabatas na benepisyo ay binabawi na rin.

Kung tutuusin, walang gaanong pinagkaiba ang naiuuwing kita ng mga kawani ng gubyerno kung iku-kumpara sa naiuuwi ng mga manggagawa sa pribadong sektor. Mula sa P5,800 minimum na buwanang sahod ng isang ordinaryong kawani, makapaglalaan lamang siya ng P193.33 na panggastos kada araw.

Kinakaltasan pa ito gubyerno pamamagitan ng kinukulektang mga "kontribusyon" Government Service Insurance System (GSIS), Pag-ibig, Philhealth at iba pang institusyon. Dahil sa dami ng kinakaltas ng gubyerno sa mga kawani, halos P5,000 na lamang ang aktwal na natatanggap nila o P167 kada araw. Di hamak na kulang ang

halagang ito para sa P532 arawang gastusin para sa mga batayang pangangailangan ng isang pamilya. Dahil dito, napakalaking bagay para sa mga kawani ang natatanggap nilang Cost of Living Allowance (COLA), *personal allowance*, mga espesyal na *bonus* at iba pang benepisyo na nasa porma ng subsidyo.

Nadaragdagan lamang ang kita ng mga kawani dahil sa kanilang tuluy-tuloy na pakikibaka. Mula 1998 hanggang 2000, halos taun-taon ay may ipinagwawaging mga benepisyo ang mga kawani. Ngunit karamihan sa mga ito ay nasa porma ng "emergency allowance" na nagbibigay ng panandaliang kaluwagan at hindi dagdag sa batayang sahod. Kung tutuusin, pampalubag-loob at pampahupa ng kanilang disgusto ang pagbibigay nito sa kanila.

Nagagawa ring igiit ng mga kawani ang pagdaragdag sa kanilang sweldo at mga benepisyo sa pamamagitan ng Collective Negotiating Agreement o CNA. Katumbas ito ng CBA o *collective bargaining agreement* ng mga manggagawa sa pribadong sektor. Sa pakikipagnegosasyon ng mga kawani sa maneydsment ng pinagtatrabahuhan nilang ahensya o departamento, naigigiit nila ang karampatang mga benepisyo. Bukod rito, naigigiit ng mga kawani ang kanilang mga karapatan sa paguunyon pati na rin ang kanilang seguridad sa trabaho.

Susi rin ang CNA sa pagbawi ng mga benepisyong tinanggal sa mga kawani noong isabatas ang Salary Standardization Law (SSL). Sa ilalim ng SSL, itinatakda ang pagbibigay ng COLA sa antas ng mga departamento o ahensya depende sa pagtaya nito sa hawak na pondo. Ipinaglalaban ngayon ng mga kawani ang muling pagbibigay ng COLA sa pambansang antas. Noong 2000 at muli nitong 2002, ipinagwagi ng mga unyon ang kasong isinampa nila sa Korte Suprema para ibigay sa lahat ng kawani ang COLA.

Militansya, sagot sa pagsikil sa karapatang mag-unyon

Nitong 2002, naging kapansin-pansin ang determinasyon at kasigasigan ng mga unyon na igiit ang kanilang mga karapatan at kagalingan. Maraming mga unyon ang nakakuha ng magagandang kunsesyon at napilitan ang maraming departamento at ahensya na kilalanin at igalang ang mga karapatan nila.

May ilang tampok na kaso kung saan militanteng nanindigan ang mga kawani laban sa mga tiwali at mapang-aping upisyal ng gubyerno. Kabilang dito ang paglalantad ng mga kawani ng Department of Education sa dating kalihim nitong si Raul Roco; at ng mga kawani ng BIR sa pinuno nitong si Rene Bañez. Bago ito, matagumpay na napatalsik ng mga kawani ng SSS ang tiwali at "diktador" na pinuno nitong si Vitaliano Nañagas.

Tinangka ni Macapagal-Arroyo na magpataw ng 10-taong moratoryum sa CNA. Pero dahil matindi ang pagtutol ng

mga kawani, napilitan ang rehimeng iatras ang naturang panukala. Sa halip, nagpataw ito ng moratoryum sa pagbibigay ng "signing bonus", insentibong ipinagkakaloob sa mga empleyado pagkapirma ng CNA. Sa karanasan, umaabot sa P3,000 hanggang P20,000 ang nakukuhang "signing bonus" ng bawat empleyado.

Tinatakot at binabantaan din ni Macapagal-Arroyo ang mga kawani. Ang mga kawani ng SSS na lumahok sa protesta ay kinasuhan. Pinagbantaan nitong sisisantehin ang iba sakaling lumahok sila sa anumang pagkilos.

Napakalaking usapin sa mga kawani ang panggigipit sa kanilang karapatang mag-unyon, makipagnegosasyon at magwelga. Kahit nakasaad ang mga karapatang ito sa reaksyunaryong konstitusyon, mahigpit na ipinagbabawal sa mga kawani ang maglunsad ng mga protesta, sama-samang kumilos at magwelga sa oras ng upisina. Napalaki ng pangangailangang tuluytuloy na organisahin ang mga kawani sa loob ng mga unyon. Sa ngayon, umaabot lamang sa 903 ang nakarehistrong unyon sa pampublikong sektor. Mayroong 1.4 milyong kawani sa gubyerno sa buong kapuluan. Sa

mga rehistradong unyon, mahigit 290 (32%) lamang ang kinikilalang may karapatang makipagnegosasyon.

Malawakang tanggalan dulot ng pribatisasyon

Patuloy na kinakaharap ng mga kawani ang usapin ng malawakang tanggalan na dulot ng programang pribatisasyon. Sa ngayon, nasasagkaan ng mga kawani ang pribatisasyon ng malalaking ahensya katulad ng National Power Corporation (NAPOCOR) at National Food Authority. Gayunpaman, mulat ang mga kawani na maghahanap lamang ang rehimen ng ibang paraan at oras na humina ang protesta laban dito ay itutuloy ng rehimen ang pakanang ito.

Isa sa may pinakamalaking laban sa ngayon ang mga kawani ng mga pampublikong korporasyon sa larangan ng enerhiya. Matapos mapagtibay ng rehimen ang Electric Power Industry Reform Act, lalo nitong minamadali ang pagsasapribado ng NAPOCOR at iba pang kaugnay na korporasyon. Nauna nang naisapribado

ang Transco. Nangangahulugan ito ng pagsipa sa halos 11,000 kawani ng gubyerno. Nahaharap din sa matinding laban ang mga kawani sa limang ahensyang isasapribado ng gubyerno matapos itayo ang Department of Housing and Urban Development. Nitong huli, nilabanan ng mga kawani ng BIR ang planong isapribado ito sa anyo ng Internal Revenue Management Authority (IRMA) na magpapatalsik sa mahigit 6,000 kawani. Mayroon ding panukala para lubusang isapribado ang Bureau of Customs na magsisisante rin sa mga kawani nito.



Nadaragdagan lamang ang kita ng mga kawani dahil sa kanilang tuluyna pakikituloy 1998 baka. Mula 2000, hanggang halos taun-taon ay may ipinagwawaging mga benepiana mga syo kawani.

sundan sa "Mga Kawani ng Gubyerno", pahina 14

Iskandalosong korapsyon ng mag-asawang Arroyo

oong Oktubre 3, sinampahan na ni Sulpicio Tagud, ng Philippine direktor Estate Authority (PEA), kasama ng Plunder Watch, Bayan Muna at iba pa, ng kasong pandarambong ang mga kroni ng mag-asawang Arroyo sa board of directors ng PEA at ang kasabwat nilang JD Construction. Kaugnay ito ng sobrang pagpepresyo sa konstruksyon ng President Diosdado Macapagal Boulevard (PDMB) nang mahigit P600 milyon. Isa lamang ang kasong ito sa mga anomalya at kaso ng panghuhuthot ng mag-asawang Arroyo, kanilang mga kroni at "kulektor".

Napakalaganap ng korapsyon sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Katunayan, ayon sa Transparency International, ika-11 pinakakurakot na bansa ang Pilipinas sa hanay ng 102 bansa. Ang Transparency International ay isang pribadong organisasyong nagmamanman sa antas ng korapsyon sa iba't ibang bansa.

Dahil dito, ibayong nalalantad na walang pinagkaiba ang rehimeng Macapagal-Arroyo sa kinamumuhiang rehimeng Estrada. Katunayan, mas desperado ito sa pondo dahil napakalimitado na ng rekursong maaari nitong mapakinabangan. Dagdag dito, kung wala itong gagawing malaking salamangka, malamang na matatalo si Macapagal-Arroyo sa eleksyong 2004. Kailangang-kailangan niya ng malaking pondo upang mapantayan kundiman malampasan ang kakayahan ni Estrada na gumawa at bumili ng boto.

halagang P575 milyon. Ginamit ni Ang ang Seed Capital, isang kumpanyang hawak ng isang nagngangalang Roberto Guevara na sang-



Bangkong daluyan

Nitong Oktubre 17, nalantad ang patago at maanomalyang pagbili ni Dante Ang, propagandista ni Macapagal-Arroyo, ng isang bangko na nakabase sa Makati. Noon pang Abril nakuha ni Ang ang mayoryang kontrol sa BankWise Inc., dating Bank Dharmala, sa

kot rin sa paglalabas ng P1 bilyong maanomalyang PeACE Bonds noong nakaraang taon.

Pinaniniwalaang binili ni Ang ang bangko upang gamiting daluyan ng makukuhang kikbak ng amo nitong si Macapagal-Arroyo sa P100 bilyong pondong nakalaan

mula sa "Mga Kawani ng Gubyerno", pahina 13

Sa pagtatanggal ng mga kawani, ginagamit ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang isang taktika na sinubukan noon ng rehimeng Estrada. Sa halip na idaan sa mahaba at masalimuot na proseso ang tanggalan, pinuputol na lamang nito ang badyet para sa isang ahensya hanggang tuluyan itong malusaw. Ito ang ginawa noon ni Estrada sa National Stud Farm at sa Economic Intelligence and Investigation Bureau.

Noong Setyembre, tinangka ni Macapagal-Arroyo na lusawin ang 14 na maliliit na ahensya ng gubyerno at tanggalin ang 10,000 kawani para umano makatipid ang gubyerno. Aniya, aabot sa P1.6 bilyon ang matitipid kung hindi na paglalaanan ng badyet ang

nasabing mga ahensya.

Ngunit dahil matindi ang pagtutol ng mga kawani, napilitan si Macapagal-Arroyo na pansamantalang iatras ang planong paglusaw. Isa sa agad na iniatras ng rehimen ay ang planong pagbuwag sa National Printing Office (NPO) sa ilalim ng Office of the Press Secretary matapos ibunyag ng kawani roon na nais lamang nitong lusawin ang nasabing mga ahensya upang ipailalim ang mga operasyon nito sa kanyang mga alagad at kroni. Katunayan, kumikita ang ilan sa mga nakatakdang lusawin, tulad ng NPO at Telecommunications Office ng Department of Transportation and Communications at hindi ito mga pasanin ng gubyerno.

para sa pagpapautang sa maliliit at katamtamang laking negosyo. Ipauutang ang nasabing pondo sa napakababang interes na hindi ayon sa tantos ng interes na itinakda ng pamilihan. Laganap ang paniniwala na gagamiting pansuhol ang pondong ito sa eleksyong 2004.

Panghuhuthot sa mga pribadong kontrata

Hindi pa man natatapos ang kontrobersya sa sobrang pagpepresyo sa PDMB, magkakasunod na nalalantad ang mga panibagong anomalya kaugnay ng sobrang pagpepresyo.

Ibinunyag kamakailan na sobra rin ang pagpepresyo sa konstruksyon ng Bay Boulevard, ang daang magdudugtong ng PDMB sa Roxas Boulevard. Ang kontratang ito ay bahagi pa rin ng maanomalyang kontratang isinuhol ng rehimen sa JD Construction, kontraktor ng PDMB. Ayon sa mga dokumento, naglaan ng P5.2 milyon ang PEA para sa konstruksyon ng naturang daan gayong P2.5 milyon lamang ang orihinal na halagang tantya ng JD Construction.

Gayundin, nalantad nitong Oktubre ang pambabraso ni Justice Sec. Hernando Perez sa Department of Public Works and Highways na igawad sa JD Construction ang kontrata sa paggawa ng haywey sa Bauan at Mabini sa Batangas. Ayon sa DPWH, ginagamit ng JD Construction ang Torreja Construction bilang prenteng korporasyon. Kalakip sa isinumiteng papeles ng Torreja Construction av isang sulat mula kay Perez na "nageendorso" sa kumpanya. Napagalaman ding direktang binabara ng mga tauhan ni Perez ang iba pang interesado sa proyektong nagkakahalaga ng P41 milyon.

Muli ring sumisingaw ang pag-

kakasangkot ni Perez at Macapagal-Arroyo sa maanomalyang kontrata na pinasok ng gubyerno sa Impresas Metalurgicas Pescarmona Sociedad Anonima of Argentina (IMPSA). Matatandaang inaprubahan ni Macapagal-Arroyo ang kontrata ng IMPSA para sa rehabilitasyon at ekspansyon ng Caliraya-Botocan-Kalayaan hydroelectric power complex sa Laguna dalawang araw matapos

mailuklok siya sa pwesto.

Kapalit ng pagmamadaling ito, tumanggap ng P700 milyon sina Perez at Macapagal-Arroyo. Ayon sa pag-aaral ng senado mismo. nakipagsabwatan ang rehimeng Macapagal-Arroyo upang palakihin ang gastos ng kumpanya nang \$41 milyon (mahigit P2 bilyon) para sa aspetong rehabilitasyon na di naman kinailangan. Dahil dito, tumaas ang gastos ng pagpapagana sa planta mula P0.65/kwh tungong P0.81/kwh. Ang P0.16/kwh na pagtaas na ito ay mangangahulugan ng P8 bilyong dagdag na bayarin ng mga konsyumer ng kuryente na ipapataw sa pamamagitan ng purchased power adjustment (PPA).

10% sa pampublikong pondo

Pinagkukunan din ng kikbak ng mag-asawang Arroyo ang mga pondo ng mga kumikitang ahensya ng gubyerno. Ayon sa mga kawani ng gubyerno, nagpataw si Macapagal-Arroyo ng "patakarang 10%" laluna sa *government financial institutions* (GFI o mga pampublikong institusyong nangangalap ng

pondo ng gubyerno at nangangasiwa nito). Sa ilalim nito, inoobliga ni Macapagal-Arroyo ang kanyang mga tauhan sa mga GFI na magsentralisa ng 10% ng pondo ng kanikanilang ahensya/departamento para sa kanyang pondong pangeleksyon. Katunayan, direktang pinangangasiwaaan ng mag-asa-

> wang Arroyo ang pangangalap ng pondo mula sa ilang ahensya at departamento sa tulong ng kanilang malalapit na kaibigan at kroni.

Isang halimbawa nito ang panghuhuthot ng mag-asawang Arroyo sa Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO). Nitong Oktubre, sumingaw ang maanomalyang pag-apruba ng board of directors ng PCSO ng karagdagang P60 milyon pondo para sa mga patalastas ni Macapagal-Arroyo. Nauna nang naglaan ng P250 milyon badyet ang PCSO para sa buong taon ngunit Oktubre pa lamang ay umabot na sa P241.6 milyon ang nagastos dito. Kabilang sa mga pinagkagastusan ang walang kwenta at sinungaling na mga patalastas hinggil sa mga murang gamot, premyo para sa inilunsad na golf tournament at iba pa. Ang PCSO ay pinamumunuan ni Virgilio Angelo, isang matalik na kaibigan ni Mike Arrovo.

Liban sa mga kilalang kaibigan at opereytor ng mag-asawa, umaakto rin bilang mga personal nilang mga "kulektor" sa iba't ibang departamento, ahensya at pati na rin mga pribadong kontrata ang kanyang kaibigang si Gloria Tan-Climaco at ang mga alipures na sina DHUD Sec. Michael Defensor at Executive Sec. Alberto Romulo.

William Hinton, Joan Hinton at Erwin "Sid" Engst

Pagpupugay sa mga tunay na proletaryong internasyunalista at anti-imperyalista

League of Peoples' Struggle ang mga mahal na kasamang sina William "Bill" Hinton, Joan Hinton at Erwin "Sid" Engst. Tinanggap nila ang pinakamataas na pagpupugay bilang masusugid na proletaryong internasyunalista at anti-imperyalista.



Inilaan nila ang mahigit limang dekada ng kanilang buhay sa pagtataguyod ng sosyalismo sa China at sa paglaban sa imperyalismong US.

Mahigit 20 taong gulang pa lamang sila nang lisanin nila ang US at pumunta sa China noong dekada 1940. Doon ay nakilala sina kasamang Bill, Joan at Sid bilang sina Han Ding, Han Chun at

Yang Zao. Doo'y lumahok sila sa dakilang sosyalistang rebolusyon at konstruksyon sa China.

Hindi matatawaran ang malaki nilang naiambag sa pagpapatupad ng repormang agraryo at pagtataguyod sa sosyalistang kooperasyon at mekanisasyon ng agrikultura.

Sinulat ni Ka Bill ang mga librong Fanshen: A Documentary of Revolution in a Chinese Village at Shenfan: The Continuing Revolution in a Chinese Village (mga paglalahad ng mga karanasan sa pagrerebo-

lusyon ng isang baryo sa China) at *The Great Reversal: The Privatization of China, 1978-1989* (isang kritikal na pag-aaral hinggil sa panunumbalik ng kapitalismo sa China).

Sa mga unang bahagi ng pagpunta niya sa China, lubos na naging interesado si Ka Bill sa pagsasagawa ng



repormang agraryo. Nagmungkahi siyang magobserba at lumahok sa repormang agraryo sa isang komunidad kung saan siya nakipamuhay at lumahok sa pagsasaka. Malaki ang kanyang naiambag sa wastong pagtatanim at mekanisasyon sa agrikultura.



Samantala, pumunta si Ka Sid sa China noong 1949 sa imbitasyon ng kanyang matalik na kaibigang si Ka Bill. Nasaksihan niya ang kabulukan ng gubyernong Kuomintang na nagdulot ng malawakang kagutuman at kahirapan sa mga Tsino. Nang maibagsak ng mamamayang Tsino ang reaksyunaryong rehimeng Kuomintang, nagpasya silang mamuhay na sa China upang makaambag sa sosyalistang rebolusyon at konstruksyon.

Si Ka Joan naman, nakababatang kapatid ni Ka Bill, ay dating nagtrabaho sa Los Alamos, New Mexico bilang isa sa mga syentistang kinontrata ng gubyernong US na gumawa ng bomba atomika. Galit ang kanyang naramdaman nang pinasabog ng US ang bomba atomika sa mga syudad ng Hiroshima at Nagasaki sa Japan na pumatay sa milyong sibilyan noong 1945. Kasama siya sa mga syentistang nag-organisa laban sa pagkontrol ng militar sa mga bombang nukleyar. Sa imbitasyon ng kanyang kapatid, pumunta siya sa China noong 1948 at nagpasya ring manatili na roon. Napangasawa niya roon si Ka Sid.

Sa panahon ng sosyalistang konstruksyon sa pamumuno ni Kasamang Mao Zedong, lumahok sina Kasamang Joan at Sid sa pagdisenyo at paggawa ng mga kagamitang kailangan ng mamamayang Tsino. Naging dairy technician, poultry technician at tagadisenyo ng mga makinaryang pang-agrikultura si Ka Joan.

sundan sa "Pagpupugay", pahina 17

PAGPAPATULOY NG USAPANG PANGKAPAYAPAAN, IGINIIT

ahigit 100,000 mamamayan ang pumirma sa manipesto ng Pilgrims for Peace na nanawagan ng kagyat na muling pagbubukas ng pormal na usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP.

Kabilang sa mga pumirma nito ay sina Vice President Teofisto Guingona, Senator Loren Legarda at marami pang iba.

Pinasisinungalingan ng mga pumirma sa manipesto ang pahayag ni Macapagal-Arroyo na ayaw ng 95% ng mga Pilipino na ituloy ang usapang pangkapayapaan.

Ayon sa manipesto: "Habang kinukundena namin ang lahat ng anyo ng terorismo, lubha kaming nababahala na ang lubusang pagsuporta ng gubyernong Macapagal-Arroyo sa 'gera laban sa terorismo' ng US... ay nakasisira sa usapang pangkapayapaan."

Lalong lumalaki ang kabuluhan ng paggigiit na ibalik ang usapang pangkapayapaan sa harap ng lumalakas na opensiba ng imperyalismong US at mga alyado nito na wasakin ang negosasyon ng GRP-NDF. Nitong Oktubre 31, idineklara ng European Union na "terorista" ang Bagong Hukbong Bayan at si Kasamang Jose Ma. Sison, senior political consultant ng NDFP. Ito'y sa tulak ng US at pagkatapos maglunsad

mula sa "Pagpupugay", pahina 16

Nang simulan ni Deng Xiaoping ang maka-kapitalistang patakaran ng gubyerno noong katapusan ng dekada 1970, hindi sila nagdalawang-isip na tuligsain ang panunumbalik ng kapitalismo sa China. Kahit ganap nang nakapamamayani ang burgesya sa China, nananatiling tapat sa sosyalistang adhikain at proletaryong internasyunalismo ang tatlong kasama.

MAHIGPIT na nakikipag-ugnayan at nakikipagtulungan ang mga Pilipinong rebolusyonaryo at mga progresibo sa kanila laban sa imperyalismo. Kabilang silang tatlo sa mga pumirma sa Pangkalahatang Deklarasyon hinggil sa Kaisipang Mao Zedong noong 1993. Itinaguyod nito ang teorya at praktika ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado upang gapiin ang rebisyunismo, sagkaan ang panunumbalik ng kapitalismo at konsolidahin ang sosyalismo.

ng sistematikong kampanya ang rehimeng Macapagal-Arroyo para siraan sa mga bansa sa European Union ang rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas.

Ayon kay Kasamang Luis Jalandoni, pinuno ng NDFP negotiating panel, ang ginawang deklarasyon ng European Union ay "sisira sa usapang pangkapayapaan at lalong magpapaapoy sa digmang sibil" sa Pilipinas.

Pinabulaanan din ni Kasamang Sison ang sinasabi ng rehimeng Macapagal-Arroyo na patuloy ang "back-channel talks" (di pormal na ugnayan at pag-uusap) sa pagitan ng GRP at NDFP sa kabila ng kawalan ng pormal na negosasyon. Sa isang interbyu sa radyo nitong Oktubre 26, sinabi ni Kasamang Sison na walang kinatawan ang GRP na lumalapit sa kanila para makipag-usap. Ang totoo, aniya, "si General Eduardo Ermita at si Sec. Angelo Reyes na lamang ang nagnenegosasyon. Nakikipagbolahan lang sila sa isa't isa," dagdag niya.

Kinundena ng Partido sa pamamagitan ng tagapagsalita nitong si Gregorio "Ka Roger" Rosal ang imbing pakana ng imperyalismong US at ng GRP na ipitin ang rebolusyonaryong kilusan para ito'y sumuko. Ani Ka Roger, magpapatuloy ang rebolusyonaryong kilusan sa pagpupundar ng isang lipunang nagtatamasa ng tunay, makatarungan at pangmatagalang kapayapaan, nariyan man o wala ang usapang pangkapayapaan.

Noong 1996, aktibong lumahok sina Kasamang Bill at Joan sa People's Campaign Against Imperialist Globalization na ginanap sa Pilipinas. Malaki ang kontribusyon nila sa pagtalakay sa imperyalismo sa pagtitipong ito na nagpasimula ng serye ng mga protesta sa iba't ibang lugar sa daigdig laban sa imperyalismo at sa mga ahensyang tulad ng IMF, World Bank at WTO.

Malawak ang karanasan nina Kasamang Bill, Joan at Sid sa pagtataguyod ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon. Buhay silang mga saksi sa kawastuan nito at ng Maoismo. Sa kabila ng mga oportunidad sa karangyaan, pinili nilang magsilbi sa ordinaryong mamamayan ng China at ng buong daigdig. Buong tapang nilang nilalabanan ang imperyalismong US kasama ang iba pang mga rebolusyonaryo at mga progresibo sa buong mundo.

"TALON VISION 02", TINUTULAN

Pinamunuan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipi-



nas (KMP) ang mga magsasaka mula sa Southern Tagalog, Bicol, Cordillera at Cagayan Valley na naglunsad ng *protest caravan* laban sa "Talon Vision 02". Sinalubong ang *caravan* nila mula sa Maynila ng mga magsasaka mula sa Gitnang Luzon sa pamumuno ng Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luzon (AMGL) bago sila

dumeretso sa Clark Ecozone sa Angeles City, Pampanga nitong Oktubre 23.

Mariing binatikos ng mga magsasaka ang mga pinagsanib na pagsasanay militar na tinaguriang "Talon Vision 02" na isinagawa nitong Oktubre 14-27. Ang 700 US Marines at 400 sundalo ng AFP ay nagsagawa ng *joint war games* sa Cavite, Nueva Ecija, Tarlac at Pampanga.

Itinaon ang pagsasanay sa pagpapaigting ng rehimen ng kontra-rebolusyonaryong digma na tinatagurian ngayong Oplan Gordian Knot.

Umani ng kaliwa't kanan na pagtutuligsa mula sa iba't ibang organisasyong masa ang "Talon Vision". Noong inilunsad ang "National Day of Protest" sa Maynila noong Oktubre 21, kinundena ng may 5,000 ang rehimeng Macapagal-Arroyo at ang amo nitong imperyalismong US dahil sa pagtatambol nito ng digma laban sa mga kilusang makabayan at mapagpalaya na nagsisilbing malaking banta at hadlang sa pananaig ng imperyalistang interes sa buong mundo.

RALING IGLAP SA MALAKANYANG, DINAHAS

Umabot sa 30 ang nasaktan nang marahas na idispers ng mga pulis ang isang raling iglap na ginanap sa harap ng Malakanyang noong Oktubre 18 bandang alas-10 ng umaga. Mapayapang nagpoprotesta ang may 100 myembro ng Kilusang Magbubukid sa Pilipinas, Kilusang Mayo Uno at PAMALAKAYA nang pagpapaluin sila ng mga batuta ng mga pulis. Tumagal nang halos isang oras ang dispersal. Ang aksyong protesta ay inilunsad upang tuligsain at kundenahin ang pagpapaigting ni Macapagal-Arroyo ng kontrarebolusyonaryong digma.

WELGA NG MGA DRAYBER NG DYIP, INILUNSAD

Inilunsad nitong Oktubre 29 ang isang kalahatingaraw na tigil-biyaheng welga ng mga drayber ng dyip sa Metro Manila at iba pang syudad. Ang welga ay pinamunuan ng Pinagkaisang Samahan ng mga Tsuper at Operators Nationwide (Piston). Ayon kay Medardo Roda, tagapangulo ng Piston, ang kalahating-araw na welga ay bilang pagprotesta sa walang-tigil na pagtaas ng presyo ng mga produktong langis. Nagbantang maglunsad ng mas malaking welga ang Piston oras na muling magtaas ang presyo ng langis.

MMDA KINASUHAN SA PAGPATAY SA MANININDA

Idinemanda ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) si Bayani Fernando, tserman ng Metro Manila Development Authority (MMDA) dahil sa pagkamatay ni Iladio Tuacar, isang manininda, sa isang marahas na demolisyon sa Magallanes, Makati noong katapusan ng Setyembre. Si Tuacar ay napatay nang barilin siya nang dalawang beses sa likuran ng isang pulis na kabilang sa mga nagpatupad sa order ng MMDA na patalsikin lahat ng *sidewalk vendor* sa Metro Manila. Kinundena rin ng BAYAN at mga organisasyon ng mga manininda sa isang rali sa Makati noong Oktubre 2 ang pagpatay kay Tuacar.

UPISINA NG KARAPATAN SA BUTUAN CITY, HINALUGHOG

Pinasok at hinalughog ng mga di nakilalang tao ang upisina ng KARAPATAN sa Butuan City noong Setyembre 28. Hinihinalang mga operatibang paniktik ng militar ang mga ito dahil bukod-tanging mga dokumento at *hard disk* ng kompyuter ang kinuha ng mga salarin. Nangyari ito sa pagitan ng Setyembre 27 ng gabi at Setyembre 28 ng madaling araw.

Ang mga nawala ay naglalaman ng mga rekord ng mga paglabag sa karapatang-tao, mga interbyu at ulat ng mga *fact finding mission*, mga sinumpaang salaysay ng mga biktima at mga testigo sa kaso ng paglabag sa karapatang-tao.

MGA RESIDENTE NG LANAO DEL SUR, LUMIKAS SA PAMBOBOMBA NG MILITAR

Hindi bababa sa tatlong barangay sa Lanao del Sur ang naapektuhan ng ginawang pambobomba ng Philippine Air Force sa kagubatan ng mga bayan ng Pualas at Sultan Gumander noong Setyembre 12 at 13. Habang buong yabang na sinasabi ni Col. Ernesto Boac na poprotektahan diumano ng mga operasyong ito ang komunidad laban sa karahasan, ang pambobomba ng militar ang mismong pwersahang nagpali-

kas sa mga residente palayo sa kanilang mga winasak na tahanan at pinagmumulan ng kabuhayan. Si Colonel Boac ay kumander ng 401st Infantry Brigade ng Philippine Army na nakabase sa Marawi City.

MERALCO BIGO SA PANUNUHOL KAY KA BEL

Bigo ang Meralco sa maraming tangkang panunuhol kay Crispin "Ka Bel" Beltran, kongresman ng Bayan Muna. Tinangka ng Meralco na suhulan si Ka Bel para tigilan na nito ang pagbatikos sa kumpanya. Mula pa noong Abril ay tumanggi na si Ka Bel na bayaran ang *purchased power adjustment* sa Meralco



bilang protesta. Dahil hindi nito masuhulan si Ka Bel at di rin tuminag si Ka Bel sa kanyang paninindigan, pinutulan na ng Meralco ng kuryente ang militanteng kongresista noong Oktubre 24.

PAGHIRANG KAY MARCELO, KINWESTYON NG PLUNDER WATCH

Kinwestyon ng Plunder Watch ang kay Simeon Marcelo bilang

pagkakahirang kay Simeon Marcelo bilang Ombudsman. Sa isang pahayag noong Oktubre 11, sinabi ng Plunder Watch na minadali at hindi idinaan sa masusing deliberasyon ang pagkakatalaga sa kanya. Wala umanong kakayahan si Marcelo na manindigan nang independyente dahil napakalapit niya sa mag-asawang Arroyo. Si Marcelo ay may mataas na pusisyon sa Carpio, Villaraza and Cruz *law firm*, na ilang taon nang nagseserbisyo sa pamilyang Arroyo. Marami na ring pabor na tinanggap ang *law firm* mula sa rehimen.

Binatikos din ng Plunder Watch ang kainutilan ng pangkat ng mga tagausig laban kay Estrada. Kabilang sa pangkat na ito si Marcelo bago siya nahirang bilang ombudsman.

MGA PILIPINONG INSPEKTOR SA MGA PALIPARAN SA U.S., SINESANTE

Maramihang pinagtatanggal sa trabaho ang aabot sa 1,000 Pilipinong inspektor (airport screeners) sa mga paliparan sa US nitong Oktubre. Ito'y resulta ng malupit na Aviation Security Act na ipinasa ng gubyernong Bush noong Nobyembre 2001. Ipinagbabawal ng batas na ito ang pagkakaroon ng airport screeners na hindi Amerikano. Subalit ang tunay na dahilan ng tanggalan ay ang paghihigpit ng US ngayon sa anumang lahing pinagsususpetsahang pinagmumulan ng

mga "terorista," kabilang na ang mga Arabo, Afghan at Pakistani at nitong huli, pati mga Pilipino, Malaysian at Indonesian.

GMA NAGWALA SA DI PAG-APRUBA NI BUSH SA \$30 M AYUDANG MILITAR SA RP

Animo'y batang nagdabog at nagwala si Macapagal-Arroyo noong Oktubre 8 nang hampasin niya ang lamesa matapos niyang malamang hindi inaprubahan ni George Bush, Presidente ng US, ang ipinangakong \$30 milyong ayuda-militar para sa rehimen. Galit na galit si Macapagal-Arroyo dahil aniya'y hindi man lamang siya nakatanggap ng karampatang ganti sa kanyang todong suporta para sa "gerang kontra-teroris-

mo" ng US. Para lalong ipadama ni Macapagal-Arroyo ang kanyang pagtatampo, kinansela niya ang planong tumuloy sa Washington, DC sa Oktubre 29 mula sa pagdalo niya sa pulong ng 10th Asia-Pacific Economic Forum sa Los Cabos, Mexico.



DEPISIT SA BADYET LUMOBO SA P166.5 B

Lumobo sa P166.5 bilyon ang depisit sa badyet mula Enero hanggang Setyembre. Lampas ito nang P60.139 bilyon sa target na depisit para sa panahong ito. Mas malaki rin ito nang 36.3% sa depisit para sa parehong panahon noong isang 2002. Lampas na rin ito nang P10 bilyon sa itinakdang target na depisit na P155 bilyon para sa buong taon. Ayon pa rin kay National Treasurer Sergio Edeza, posibleng umabot pa sa P190 bilyon ang depisit sa badyet matapos ang taong ito.

KALAGAYAN NG EKONOMYA, LUMALALA - SARBEY

Malaking mayorya o 88.67% ng mga taga-Metro Manila ang nagsabing "lalong lumalala" (45.78%) o "ganun pa rin" (42.89%) ang kalagayan ng ekonomya. Ito ang lumabas sa isang sarbey na isinagawa ng IBON Foundation nitong Setyembre 30-Oktubre 5.

Samantala, 6.7% lamang ng mga tinanong ang naniniwalang nakakaahon na ang ekonomya.

Pinasisinungalingan ng sarbey na ito ang mga upisyal na ulat ng gubyerno na bumubuti na ang kalagayan ng mamamayan. Kabilang sa mga ito ang ulat ng Commission on Population (Oktubre 2) na 40% lamang ng mga Pilipino ang nasasadlak sa karalitaan.

LUMALAWAK ANG MGA PROTESTA LABAN SA IMPERYALISTANG PANGGEGERA SA IRAQ

Mula Setyembre, patuloy na lumalawak at lumalakas ang kilusan laban sa imperyalistang gera ng US hindi lamang sa Europe at Asia kundi kahit sa US

mismo.

Nitong Oktubre 26, unang

anibersaryo sa pagkakapirma ng
Patriot Act, lampas 100,000
Amerikano mula sa iba't ibang
bahagi ng bansa ang nagtipon
sa Washington, D.C. upang
panindigan ang kanilang
karapatang magpahayag ng
pagtutol sa anti-imperyalistang

gera laban sa Afghanistan at Iraq. Kasabay nito, aabot sa 80,000 ang bumuhos sa mga lansangan ng

San Francisco City habang 10,000 ang nagrali sa Minnesota. Nagkaroon rin ng mga pagkilos sa iba pang bahagi ng bansa tulad ng Seattle (5,000), New York (2,000), Maine (3,000) at sa marami pang lugar. Kasabay din nito, ilampung libo ang nagrali The Netherlands at 400,000 sa Spain. Sa kalakhan, naging mapayapa ang mga militanteng aksyon-protesta

Bago ito, inilunsad ng iba't ibang organisasyong masa sa US sa ilalim ng koalisyong "Not In Our Name" (Huwag sa Ngalan Namin) ang "pambansang araw ng paglaban" sa planong pandirigma ng US noong Oktubre 6-7. Sa Manhattan Central, New York kabilang sa mga nagsalita ang mga kilalang artistang sina Susan Sarandon, Tim Robbins at Martin Sheen. May 20,000 ang nagmartsang mga manggagawa, artista't direktor, manunulat at intelektwal.

ITALY, NIYANIG NG WELGA

Naparalisa ang kalakhan ng Italy nitong Oktubre 18 nang ilunsad ang isang pangkalahatang welga laban sa mga planong pang-ekonomya ni Prime Minister Silvio Berlusconi na nasa balangkas ng imperyalistang "globalisasyon". Dalawang milyong manggagawa ang dumagsa sa mga kalsada at 10 milyong manggagawa ang sumuporta sa panawagan ng Confederazione Generale Italiana de Lavoro o CGIL, ang pinakamalaking unyon sa Italy.

Sumiklab ang kilos protesta nang tangkain ng Fiat, kumpanyang gumagawa ng kotse, na sipain ang mahigit 8,000 manggagawa. Nagprotesta ang mga trabahador para tutulan ito. Kabilang sa isinagawang pagkilos ang malalaking martsa-protesta. Sinundan ito ng rali ng 200,000 trabahador sa Turin at martsa ng 250,000 sa Milan.

PROTESTA SA PALESTINE, NAGPAPATULOY

Patuloy na sumusulong ang Bagong Intifada—ang pag-aalsa ng mamamayang Palestino para sa paglaya mula sa pananakop ng Israel.

Noong Oktubre 4 at 6, may 2,000 nagmartsa sa Gaza Strip upang kundenahin ang pagsuporta ng US sa Israel. Nanawagan silang magkaisa ang mga Arabo, Muslim at Kristyano at tutulan ang suporta ng US sa agresyon ng Israel. Nagrali rin ang 3,000 simpatisador ng Hamas sa Jabalya *refugee camp*, sakop pa rin ng Gaza Strip.

Sa sumunod na araw, sinunog sa isang demonstrasyon ng 400 gerilyang Islamic ang mga bandila ng Israel at US. Sa Nablus, West Bank sinuway ng mga ralyista ang *curfew* at nagmartsa. Isinigaw nila na ang "America ang siyang ulo ng ulupong."

Mga Pagtutuwid sa isyung Oktubre 2002 ng AB. Pahina 5. Ang reyd ng BHB sa Maco, Compostela Valley noong Setyembre 24, 2002 ay inilunsad ng 3rd Pulang Bagani Company ng Merardo Arce Command at hindi ng Rhyme Petalcorin Command, tulad ng unang ibinalita. Ang nasamsam sa Maco na armas ay 34, hindi 33; at dalawang gamit pangkomunikasyon, hindi isa. Si Kasamang Jumabok Kadyawan ay tagapagsalita ng Antonio Nerio Antao Command ng Bagong Hukbong Bayan-Southern Mindanao at hindi ng Ryhme Petalcorin Command. Sa balita tungkol sa reyd sa Lopez, Quezon, maling naisulat na si SPO4 Nestor Santiago ay may ranggong Superintendent. Sa pahina 8. Sa unang bahagi ng "Pagtutol sa gera sa Iraq", ang rali sa London noong Setyembre 28 ay dinaluhan ng 400,000 katao at hindi 150,000 lamang. Sa huling bahagi ng artikulong iyon, maling sinabi na ang premyong ibinibigay sa Magsaysay awardee ay mula sa Rockefeller Foundation. Ito ay mula sa Ford Foundation. Sa pahina 11. Sa huling bahagi ng artikulong "Pagkakaisa at kapasyahang lumaban", ang bilang ng panimulang lumahok sa pagpusisyon sa pastuhan ay 150 pamilya, hindi katao.